
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 22
Nobyembre 21, 2018
www.philippinerevolution.info



EDITORYAL

# Iniipit ni Duterte ang Pilipinas sa nag-uumpugang imperyalistang bato

Nagpahayag kamakailan si Rodrigo Duterte ng GRP ng pagkabahala sa posibilidad na sumiklab ang armadong sagupaan sa pagitan ng US at China sa South China Sea (SCS). Diumano, "hawak na" ng China ang naturang karagatan at nag-uudyok lamang ng kontra-aksyon nito ang mga inilulunsad na "military drill" ng US. Magdurusa raw ang Pilipinas sakaling sumiklab ang gera sa lugar.

Mistulang naghuhugas ng kamay si Duterte sa lumalaking tensyong militar sa SCS. Katunayan, malaki ang pananagutan ni Duterte sa sitwasyon sa SCS sa dalawang-panig niyang pagtatraydor sa pambansang kasarinlan ng Pilipinas na nagbigay-daan sa militarisasyon o pagpapalakas ng presensya at pwersang militar kapwa ng US at China sa karagatang ito.

Pinagdurusahan ng sambayanang Pilipino ang walang-gulugod na patakarang panlabas ni Duterte at pagtanggi niyang itaguyod ang kasarinlan ng bansa sa iba't ibang mga usapin. Yaman at pambansang kalayaan ng sambayanang Pilipino ang kapalit sa pagtataksil na ito ni Duterte na lalong nagpapalakas ng kapangyarihan at imperyalistang dominasyon.

Sa isang panig, lubos nang ipinamimigay ni Duterte sa China ang yaman at karapatan ng bansa sa SCS. Sa nagdaang dalawang

*"Iniipit...," sundan sa pahina 2*

## Kaswalti ng AFP, umabot sa 39

UMABOT SA 23 ANG napatay at 16 ang nasugatan sa hanay ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa inilunsad na mga aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bukidnon, Iloilo, Northern Samar at Camarines Sur nitong Nobyembre.

**Bukidnon.** Sampu ang nasugatan at 13 ang napatay sa limang armadong aksyon ng BHB-Bukidnon mula Nobyembre 10 hanggang 16.

Tinambangan ng isang yunit ng BHB-Bukidnon ang mga tropa ng 65th IB sa hangganan ng prubinsya at Pinilayan, Tagoloan 2, Lanao del Sur noong Nobyembre 16. Dalawa ang napatay sa mga yunit ng kaaway. Ang naturang tropa ay reimporsment sa kasamahan nilang nag-oo-

*"39 kaswalti...," sundan sa pahina 5*

*"Iniipit...," mula sa pahina 1*

taon, isinantabi niya ang soberanya ng Pilipinas sa Spratly Islands nang magwalang-imik siya habang ang China ay nagreklamasyon ng halos 1,300 ektaryang lupa at nagtayo ng iba't ibang mga pasilidad doon. Ilanlibong ektaryang mga bahura at pangisdaan ang nilustay sa mga konstruksyong ito.

Nilukot ni Duterte ang 2016 na desisyon ng internasyunal na hukumang Arbitral Tribunal na nagsabing ang Spratly islands, Scarborough Shoals at iba pang bahagi ng SCS ay kabilang sa *exclusive economic zone* at *extended continental shelf* ng Pilipinas at kumilala sa karapatan ng Pilipinas sa ilalim ng UN Convention on the Law of the Seas. Lumilikha si Duterte ng walang-batayang takot na "hindi kayang makipaggera ng Pilipinas sa China" gayong hindi lang naman pakikipaggera ang paraan ng pagigiit ng karapatan ng bansa.

Sa pagtanggi ni Duterte na itaguyod ang gayong desisyon, walang-hadlang na isinagawa ng China ang pagtatayo nito ng base militar sa Spratly Islands sa layuning patatagin ang presensyang militar nito sa lugar laban sa US. Kabilang sa itinayo ng China ang isang paliparan na may 10,000 piyeng paliparan, mga daungan at iba pang pasilidad. Patuloy na hinahadlangan ang mga mangingisdang Pilipino ng mga *coast guard* ng China na animo'y pag-aari nila ang karagatang sakop ng Pilipinas. Ang pagpapalakas ng pwersang militar ng China sa SCS ay naglalayong hadlangan ang presensyang militar ng US dito at bantayan ang malaking yamang nakaimbak sa ilalim ng karagatan.

Mistulang maamong tupa ang asal-aliping si Duterte na hindi marunong magmura sa harap nito. Tahasang pangangayupapang idineklara niya kamakailan sa China: "Nariyan kayo, kayo ang may hawak, sakop ninyo, sabihin ninyo sa amin saan kami dadaan at ano ang dapat naming maging asal." Labis na kamuhi-muhi ang gayong asal-alipin ni Duterte. Wala siyang tinitindigang pambansang integridad.

Walang ibang pakay ang walang kahiya-hiyang pagyuko at pagsuko ni Duterte sa China kundi ang dumulog ng malaking pautang para pondohan ang kanyang ambisyosong programang Build, Build, Build. Ang pagdating ni President Xi Jinping ng China sa Pilipinas nitong Nobyembre ay okasyon para pirmahan ang kontrata sa "magkasanib na eksplorasyon" sa karagatang sakop ng Pilipinas, kahit sinasabing taliwas ito sa konstitusyong 1987 na nagbibigay ng gayong eksklusibong karapatan sa estado.

Kwestyunable rin ang pinasok na kasunduan noong 2005 na Joint Marine Seismic Undertaking (JMSU) na pinondohan pangunahin ng China noong 2005 na nag-alam sa nakaimbak na rekurso sa mahigit 142,886-kilometro kwadradong karagatan (halos kalahati ng laki ng lupain ng Pilipinas). Natapos ang pag-aaral noong 2007 subalit ang resulta ay eksklusibong hawak ng China. Tinataya ng China na kayang umabot sa $60 trilyon ang halaga ng naka-imbak na langis, natural gas at mga mineral sa ilalim ng karagatan ng SCS. Sa ngalan ng "eksplorasyon," nais ng China na alamin kung pwedeng simulan ang komersyal na operasyon para minahin ang yamang ito.

Katulad na ipinain ng China noong 2004 ang $904 milyon pautang kay Arroyo para pirmahan ang JMSU, ipinapain ngayon ng China ang ilang bilyong dolyar na pautang para kay Duterte kabilang ang proyektong riles, mga kalsada atbp para pirmahan ang kasunduang "joint exploration" na nais ng China na kumilala sa soberanya nito sa lugar. Kapalit ng ilang bilyong pautang na ito, pabor si Duterte na ibigay sa China hindi lamang ang ilang trilyong dolyar na yamang dagat, kundi maging ang soberanya ng bansa. Sa pagkahayok ni Duterte sa mataas na interes na pautang ng China, hindi malayong maging aliping-utang ang Pilipinas.

Sa kabilang panig, wala ring

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 22 | Nobyembre 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/prwcnewsroom

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Iniipit ni Duterte ang bansa sa dalawang nag-uumpugang imperyalista 1
AFP, napinsalaan ng 39 tauhan 1
Pinabibilis ng China ang pagkolonya 4
Protesta sa pagbisita ni Xi Jinping 4
Kontra-atake ng BHB sa Zamboanga 5
Pagpapanday ng Partido sa Regata 6
Imelda, hinatulan pero malaya pa rin 8
International Student Day, ginunita 7
Masaker sa HLI, wala pa ring hustisya 8
Kababaihan kontra endo ng SM 8
Konsultant ng NDFP, inaresto 9
Umiigting na pasismo sa Cebu 9
Teror at disimpormasyon sa Negros 10
Kinikilingan ng malalaking midya 11
Maka-kapitalistang interes 12
Maguindanao masaker, ginunita 13
Protesta sa France 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

kahiya-hiya ang panganga-yupapa ni Duterte sa imperyalismong US. Kinastigo niya ang isina-sagawang ehersisyong nabal ng US sa SCS na nagririsgo ng pagsiklab ng komprontasyon sa China, pero payag na payag namang gamitin ang Pilipinas bilang daungang militar ng mga barkong pandigma ng US. Ang Pilipinas ay nagsisilbing base ng US para sa paglulunsad nito ng tinaguriang "freedom of navigation operations" para diumano tiyakin ang kalayaan sa paglalayag pero para lamang igiit ang presensya at poder ng US sa South China Sea.



Anumang oras, ginagamit rin ng militar ng US ang mga paliparan at iba pang pasilidad sa Pilipinas para sa pag-iimbak ng mga kagamitan at para gawing pahingahan at aliwan ng mga tropang Amerikano.

Sa ilalim ni Duterte, parami nang parami ang isinasagawang mga magkasanib na pagsasanay at mga *war game*.

Hungkag ang sinabi ni Duterte na hindi siya papayag na mag-imbak ng mga kagamitang militar ang mga dayuhan sa Palawan. Ang totoo, matagal nang ginagamit ng militar ng US ang baseng nabal sa Ulungan na pinalaki nila noong 2014 para magamit na daungan at imbakan sa ilalim ng EDCA. Ang kahabaan ng Palawan ay ginamit rin ng US para magtayo ng mga istasyon ng radar para mag-espiya sa karagatan ng Pilipinas. Sa ngalan ng pag-iimbak ng mga kagamitan para sa "humanitarian and disaster response" o pagharap sa mga sakuna, nagtayo rin ng pasilidad ang US sa Pampanga para gamitin ng pwersang militar nito. Hindi bababa sa limang kampo ng AFP sa buong bansa ang ginagamit ng US para itayo ang mga pasilidad nito.

Patuloy na pinalalakas ng US ang dominasyon nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapahigpit ng kontrol nito sa AFP. Ayon sa US, mayroon itong 200-300 mga tagapayo sa AFP na permanenteng nakaistasyon sa Pilipinas. Sila ang nagbibigay ng mga pagsasanay at nagdidirehe ng ilang operasyon ng AFP. Tuluy-tuloy ang pagbibigay ng US ng ayudang militar sa AFP, kabilang ang mga *drone,* helikopter, mga baril, bala at iba pang sandata na ginagamit sa mga operasyon ng armadong panunupil sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

Tuluy-tuloy ang pagbibigay-pansin ng US sa pagbibigay ayuda sa Marawi upang patatagin ang presensyang militar ng US sa Mindanao. Sa udyok ng US, idineklara ni Duterte na "terorista" ang PKP at BHB upang magamit na dahilan para sa pagbubuo ng US ng Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P) bilang isang "anti-teroristang operasyon" ng US na siyang plataporma ngayon ng panghihimasok militar ng US sa bansa. Sa pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao, lalo ring napalalakas ang inisyatiba ng US sa pamamagitan ng pagpapataw ng absolutong kapangyarihan ng AFP.

Matagal nang ginagamit ng US ang Pilipinas bilang instrumento para sa hegemonismo nito. Ginamit ang bansa bilang base sa panggegera nito sa Korea, Vietnam, Iran, Afghanistan at iba pang bansa. Dahil dito, lagi rin itong target ng mga karibal at kaaway ng US mula pa noong dekada 1930.

Sa ilalim ni Duterte, patuloy na ginagamit ang Pilipinas bilang isa sa instrumento para sa estratehikong interes militar ng US sa Asia. Ginagamit nito ngayon ang bansa bilang base para hadlangan ang paglakas ng militar ng China, magpakitang-gilas at panatilihin ang presensyang militar nito sa South China Sea para seguruhing kontrolado nito ang paglagos dito ng kalakalan.

Sa ilalim ni Duterte, patuloy na walang tunay na pambansang kasarinlan at nagsasariling ekonomya ang Pilipinas. Nananatiling malakolonya ito ng imperyalismong US na siyang dominanteng kapangyarihang pampulitika at pangmilitar sa bansa. Hungkag ang idineklara ni Duterte na "independyenteng patakarang panlabas."

Sa harap ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at lumalaking paghamon ng China sa kapangyarihan ng US, ang Pilipinas ay nagiging instrumento at target ng kapwa imperyalistang kapangyarihan. Dahil sa pagiging sunud-sunuran ni Duterte sa US at China, hindi maglalao'y maiipit ang Pilipinas sa gitna ng dalawang nag-uumpugang imperyalistang bato.

Maiiwasan lamang ang ganitong pangyayari kung mahigpit na igigiit ng buong sambayanang Pilipino ang pagtataguyod sa pambansang kasarinlan at matatag na isusulong ang patakaran ng kapayapaan at di pagpanig sa alinmang imperyalistang nagtutunggali. Dapat igiit ng sambayanan ang soberanya ng bansa sa SCS at itulak ang demilitarisasyon nito, kapwa ang pagbabaklas ng mga base militar ng China at pagpapalayas ng mga barkong US sa mga karagatang sakop ng Pilipinas.

Kaakibat nito, dapat igiit ng sambayanan ang pagtataguyod ng kasarinlan sa ekonomya na binubuo ng pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ang pagtataguyod sa pambansang kasarinlan ay epektibong maisasagawa lamang kung may kalayaan sa ekonomya at kakayahang tumindig sa sariling paa, sa isang banda; at sa kabilang banda, ang kalayaan sa ekonomya ay maitataguyod lamang kung may tunay na pambansang kalayaan para itakda ang tadhana ng bansa alinsunod sa interes ng sambayanan. AB

# Pinabibilis ng China ang pagkolonya sa Pilipinas*

Pakay ng China na dagsain ang ekonomya ng Pilipinas ng labis na kapital, pasandigin ito sa pautang at ayuda ng China, ipataw ang mga patakarang neoliberal, dambungin at pagsamantalahan ang lakas-paggawa at likas na yaman ng bansa, kontrolin ang mga susing aspeto ng ekonomya at habampanahon na panatilihin ang Pilipinas na tagapagluwas ng mura at mababang dagdag-na-halagang hilaw o bahagyang naprosesong mga materyales at tagapag-angkat ng malalaking kagamitan at kalakal na pangkonsumo.

Matapos na ito'y nasa sentro ng imperyalistang *global value chain* (o pandaigdigang assembly-line ng mga korporasyong multinasyunal), ang China ay matagal nang hantungan ng mga eksport na hilaw na materyales at mala-manupaktura at pangunahing pinagaangkatan ng bansa.



Sa nagdaang dalawang taon, kumikilos nang mabilis ang China para lalong palakasin ang presensyang pang-ekonomya nito sa bansa. Ang *official development assistance* o ayuda ng gubyerno ng China ay sumirit sa $63.5 milyon noong nagdaang taon, mula $1.5 milyon noong 2016. Ang mga tuwirang dayuhang pamumuhunan mula China ay mas mabilis na lumaki at umabot nang $1.043 bilyon sa unang dalawang taon ni Duterte, halos 85% na ng $1.231 bilyon sa kabuuang anim na taon ng nagdaang rehimeng Aquino at mahigit na sa $825 milyon sa siyam na taong paghahari ni Arroyo.

Layunin ng China na pabilisin ang dominasyong pang-ekonomya sa Pilipinas sa pamamagitan ng pamumuhunan sa malalaking proyektong pang-imprastruktura para magamit ang tigil nitong kapital at may mapagbentahan ng sobra-sobra nitong bakal at semento. Inakit nito si Duterte ng pangakong mamumuhunan ng $15 bilyon sa mga proyektong dam, kalsada, tulay, daungan at mga riles at magbigay ng pautang na hanggang $9 bilyon sa mga darating na taon.

Gayunman, sa kalakha'y hindi pa nagkakatotoo ang mga pangakong pagpasok ng pondo. Subalit talagang naglalaway na ang mga burukratang kapitalista sa malaking kikbak na maaari nilang ibulsa sa anyo ng tinatawag na "discoverer's fee." Abang na abang ang malalaking burgesya-komprador at mga kapitalistang alipures ni Duterte na makatuwang ang malalaking korporasyong Chinese para magkamkam ng malalaking tubo sa mga proyektong may garantiya ng estado.

**Pagpapanatili ng atrasadong ekonomya**

Sa pang-ekonomikong pagkolonya sa Pilipinas, pinananatili ng China ang pagiging atrasado, agraryo at hindi industriyal na ekonomya ng Pilipinas, na matagal nang pinaghaharian ng mga monopolyo-kapitalista ng US at Japan.

Magiging alipin sa utang ng China ang Pilipinas dahil sa pagkagumon nito sa utang, bukod pa pagsandig sa mga pautang at ayuda mula sa IMF-WB, sa ADB, sa Japan EximBank Bank at iba pang nagpapautang.

Hanggang ngayon, ang Pilipinas ay nananatiling malakolonya at kutang militar ng imperyalismong US, na ngayo'y katunggali ng China sa isang gera sa kalakalan. Hinahamon ng China ang dominasyon ng US sa ekonomya, pulitika at militar.

Bagaman mabilis na humahabol, malayo pa ang China sa US at Japan sa usapin ng tuwirang pamumuhunan at pautang sa Pilipinas. Sa larangan ng pamumuhunang *portfolio* o pagpasok ng kapital sa *stock market* ng Pilipinas at iba pang instrumentong pampinansya, nananatiling nangunguna pinagmumulan ng kapital ang US na may 43% bahagi kumpara sa 6% lamang ng China.

Ang mga patakaran sa ekonomya, tulad ng pagpapataw ng batas TRAIN, ay patuloy na niimpluwensyahan ng IMF, ng mga hawak ng US na ahensya sa credit rating at mga grupong tulad ng Partnership for Growth. AB

**Halaw sa pahayag ng PKP na "Labanan ang pagpataw ng imperyalistang kapangyarihan ng China sa Pilipinas," Nobyembre 20, 2018.*

**Pagbisita ni Xi Jinping, sinalubong ng protesta**


SINALUBONG NG PROTESTA ng Pilipinong Nagkakaisa para sa Soberanya (P1NAS), Bagong Alyansang Makabayan at Anakbayan ang pagdating ni Chinese President Xi Jinping sa Pilipinas noong Nobyembre 20.

Nagtungo ang P1NAS sa konsulado ng China para ipanawagan ang pag-alis ng China sa South China Sea kung saan nagsasagawa ito ng reklamasyon at nagtatayo ng mga imprastrakturang militar. Ayon sa grupo, hindi mababayaran ng kahit anong pautang ang soberanya ng bansa.

Kasama sa protesta ang mga Dumagat mula sa Timog Katagalugan na mapalalayas sa kanilang mga lupain dulot ng itatayong Kaliwa Dam sa bulubundukin ng Sierra Madre na pinondohan ng China. Nakiisa rin ang mga mangingisda ng Zambales na ginigipit ng mga Chinese *coast guard* sa Scarborough Shoal.

Koresponsal mula sa West Mindanao

# Mga atake ng AFP, binigo ng BHB-Zamboanga




Hindi natitinag, bagkus ay matatag na nilabanan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong mamamayan sa Zamboanga Peninsula ang tuluy-tuloy na pag-atake ng mga pasistang tropa at mga lokal na espiya ng rehimeng US-Duterte. Ang sumusunod ay ilan sa mga tagumpay nila sa nakaraang anim na buwan (Mayo-Setyembre 2018):

Noong Mayo, nagbalak na maglunsad ng isang malawakang operasyong militar ang 42nd IB sa Zamboanga del Norte sa imbing layuning durugin ang BHB sa erya. Ngunit bago pa man sila makapagpatama sa anumang yunit ng hukbong bayan, dumanas na sila ng pagkabigo noong Mayo 18.

Ginapang ng isang yunit ng BHB ang nakatigil na siksbay na trak ng 42nd IB at nilagyan ng eksplosibo ang ilalim nito. Nagresulta ang pagsabog nito sa pitong sundalong patay at tatlong sugatan. Lubusan ding nawasak ang sasakyan. Naganap ang insidente isang kilometro mula sa hedkwarters ng batalyon sa bayan ng Kalawit.

Noong Mayo 30, nakasamsam ang BHB ng tatlong M16, isang pistolang 9mm at 13 magasin, bala at iba pang gamit militar mula sa dalawang pulis sa itinayo nitong tsekpoynt sa Sityo Tanggupon, Barangay Mauswagon, bayan ng Godod.

Mabuting tinrato ng BHB ang dalawang nabihag na pulis na agad ding pinalaya. Bunsod nito, nagkomento ang isang upisyal ng pulis na mali ang kanyang pagtingin na masasamang

*"Zamboanga...," sundan sa pahina 6*

*"39 kaswalti..," mula pahina 1*

perasyon na sa lugar.

Bago nito, dalawang ulit na pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga pasistang sundalo sa nasabing baryo noong Nobyembre 12 kung saan tatlo ang napatay at apat ang nasugatan. Ang mga aksyong ito ay karugtong ng maagap na depensang isinagawa ng BHB laban sa reyd ng naturang yunit ng AFP sa pwesto ng mga kasama noong Nobyembre 11. Tatlong sundalo ang napatay at apat ang nasugatan sa naturang reyd. Isang Pulang mandirigma ang namartir.

Samantala, inatake ng isa pang yunit ng BHB-Bukidnon ang nag-oooperasyong tropa ng 8th IB sa Barangay Bulonay, Impasug-ong noong Nobyembre 10, alas 4:00 ng hapon. Mag-iisang linggo nang nag-operasyon ang mga tropa ng 8th IB sa lugar. Inirereklamo ng mga residente ang perwisyong hatid nito sa kanilang kabuhayan at pamumuhay.

**Panay.** Inatake ng BHB-Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command) ang isang *patrol base* ng 61st IB at 33rd Division Reconaissance Company sa Barangay Igcabugao, Igbaras, Iloilo noong Nobyembre 12.

Batay sa panimulang ulat, apat na sundalo ang napatay. Para pagtakpan ang kanilang pagkatalo, ipinalaganap ng mga sundalo na hindi ang kanilang base ang tinamaan kundi isa lamang sasakyan. Nang-aresto rin sila ng mga magsasaka na anila'y mga tagasuporta ng BHB. Dahil walang batayan, napilitan silang pakawalan ang mga magsasaka matapos ang isang araw.

Nagsisilbing protektor ng kumpanyang Century Peak ang *tactical patrol base* na ito mula pa 2015. Nagsilbing gwardya ng *mini-hydro plant* sa lugar ang mga sundalo. Tinututulan din ng mga residente ng Igcabugao, Passi at kalapit na baryo ang balak ng kumpanya na magmina.

Sa kaugnay na balita, pinarangalan ng BHB-Southern Panay si Casimiro Talaman (Ka Boy) na nasawi sa nabanggit na labanan sa Igcabugao. Siya ay residente ng Barangay Buloc, Tubungan, Iloilo.

**Northern Samar.** Limang sundalo ang napatay habang marami ang nasugatan sa pagharas ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) laban sa nag-ooperasyong tropa ng 43rd IB noong Nobyembre 6 sa Barangay Cag-amesarog, Lope de Vega.

Bilang ganti, sinuyod ang erya ng mahigit 100 pasistang sundalo at nagpakalat ng maling impormasyon upang maliitin ang tagumpay ng BHB.

**Camarines Sur.** Binati ng BHB-Bicol (Romulo Jallores Regional Operations Command) ang mga Pulang mandirigma ng Camarines Sur (Norben Gruta Command) sa matagumpay na ambus sa Sityo Patag, Barangay Mambulo Nuevo, Libmanan noong Nobyembre 17, alas-4:30 ng hapon.

Anim na pulis na bahagi ng Task Force Bicolandia ang nasugatan sa pananambang. Binuo ang naturang *task force* para gapiin ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. AB

"Zamboanga...," mula sa pahina 5

tao ang mga Pulang mandirigma ng BHB.

Noon namang Hulyo 23, bigo ang 42nd IB at mga elemento ng CAFGU na kubkubin ang nagpapahingang mga Pulang mandirigma sa magubat na bahagi ng Sityo Kulasian, Barangay Kulalian, Kalawit. Naunahan ng taliba ng BHB ang sumasalakay na kaaway. Pagkatapos ng 30 minutong labanan ay umatras ang mga sundalo dala-dala ang kanilang mga kaswalti. Pito sa kanila ang napatay at isa ang nasugatan.

Noon namang Agosto 21, napinsalaan ng BHB ang nag-ooperasyong tropa ng 67th IB sa engkwentro sa Barangay Delokot, bayan ng Godod.

Sinusuyod noon ng 67th IB ang magubat na erya sa hangganan ng Godod at Kabasalan. Bagong dating noon sa lugar ang yunit at gustong magpakitang gilas. Noong umaga ng Agosto 23, tinangka nilang salakayin ang pwesto ng BHB sa lugar. Pero dahil alerto na ang mga Pulang mandrigma, maagap silang nakapagpaputok laban sa nagmamaniobrang kaaway. Pinasabugan din nila ang sumasalakay na tropa.

Naagaw ng kaaway ang pinagkampuhan ng mga Pulang mandirigma. Gayunman, pawang hangin, punong kahoy at walang taong mga burol lamang ang natatamaan ng winaldas nilang libu-libong bala. Habang ligtas na nakaatras ang BHB, limang sundalo ang kumpirmadong napatay at tatlo ang nasugatan, kabilang ang isang CAFGU.

Inamin ng isang upisyal ng Philippine Army ang kanilang kabiguan sa pagsasabing "Maswerte ngayon ang BHB. Nasa superyor silang pusisyon, una silang nakapagpaputok samantalang tayo'y nagtatangka pa lang makakuha ng paborableng pusisyon." AB

# Pagpapanday ng Partido sa Regata




*Ang artikulong ito ay ambag ng mga myembro ng Partido sa sektor ng kabataan sa serye ng* Ang Bayan (AB) *tungkol sa mga tampok na karanasan sa pagbubuo ng mga sangay ng Partido sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Nananawagan ang patnugutan ng* AB *sa iba pang komite ng Partido na mag-ambag sa seryeng ito sa pamamagitan ng pagsumite ng inyong tampok na mga kwento.*

Isang unibersidad sa pambansang kabisera ang Regata. May malaki itong populasyon at malawak na impluwensya. Isa rin ito sa mga unibersidad kung saan malalim na nakaugat ang Partido Komunista ng Pilipinas bunga ng pagkakaisang naabot sa kampanya laban sa tiraniya at ambisyong maging diktador ni Rodrigo Duterte.

Kakambal ng mahal na matrikula na halos taun-taong tumataas at nagpapahirap sa mga estudyante ang mapaniil na mga patakarang anti-demokratiko ng administrasyon.

Hindi madaling kumilos sa loob ng unibersidad dahil mahigpit ang mga alintuntunin nito kaugnay ng pagbubuo ng mga organisasyon. Dati nang may grupo ng Partido sa loob ng unibersidad pero sa loob ng mahabang panahon, dumanas ito ng mga problema sa pagpapalawak at konsolidasyon.

Nagkaroon ng pagbabago sa loob ng eskwelahan matapos maluklok sa poder si Duterte at sinimulan niya ang kanyang mga kampanya ng panunupil na pumatay ng libu-libo at puminsala sa napakaraming mamamayan. Sa loob ng unibersidad, nabuo ang malawak na pagkakaisa ng mga estudyante laban sa kanyang mga "gera" ni Duterte, una laban sa "gera kontra-droga," at sa kalaunan laban sa "gera kontra-terorismo" na isinangkalan para ipataw ang batas militar sa Mindanao at "todong gera" laban sa lumalabang mamamayan.

Naging tuntungan ng pagpapalawak at pagpapatatag ng Partido sa Regata ang pagkakaisang ito. Mula sa malawak na sentimyentong anti-pasista sa loob ng unibersidad, nagpunyagi ang Partido na mulatin ang mga estudyante sa mas malawak na mga usapin at problema ng mamamayang Pilipino upang himukin silang bagtasin ang landas ng pambansa-demokratikong pakikibaka.

**Malalim na pag-ugat**

Sa kabila ng relatibong maliit na makinaryang pinagsimulan ng Regata, mabilis itong nakalatag sa mga estratehikong kolehiyo at napamunuan ang paglaban sa buong unibersidad. Salik dito ang kagustuhan ng mga estudyante na tumindig para sa kanilang mga

demokratikong karapatan at makialam sa mga pambansang isyu na umaapekto sa kanila at sa mamamayan. Lumitaw sa kanilang hanay ang abanteng mga elemento na naging binhi sa ibayong pagpapatatag at pagpapalawak ng sangay ng Partido sa loob ng eskwelahan.

Hindi nagdalawang-isip ang mga organisador ng Partido sa loob ng Regata na sagpangin ang maiinit na isyu at pakikibakang masa para pukawin, organisahin at pakilusin ang masang estudyante sa iba't ibang pamamaraan. Tinutuntungan nila ang mga pagkakataon para ipalaganap ang rebolusyunaryong pagsusuri sa kalagayan ng lipunan at kongkretong alternatibo rito, at magrekluta sa lahat ng pagkakataon at pamamaraan. Hanggang sa antas klase ay isinasagawa ang pagpapasapi sa rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang sa mga narekrut sa panahon ng isang pambansang kampanya si Ka Mina. Dumalo siya sa isang pagpapalabas ng isang pelikula at doon namulat sa marahas na kalagayan ng iba't ibang sektor. Agad siyang inimbita sa dagdag na mga pag-aaral. Naging aktibo siya sa pagpaliwanag ng maiinit na isyu sa loob at labas ng eskwelahan.

Kasabay nito, binigyan siya ng malinaw na gawain at tungkulin sa organisasyon at pulitika. Hindi nagtagal, narekrut siya sa Partido at naging katuwang sa pagpapanday ng sangay ng Partido sa Regata.

Ang ganitong ugnayan ng pagpapalawak at maagap na konsolidasyon ang naging susi para sa mabilis na pagpapaunlad ng mga kadre sa loob ng unibersidad. Para abutin ang pinakamalawak na bilang ng mga estudyante, lumangoy ang mga myembro ng Partido sa malawak na hanay ng mga estudyante. Sa pamamagitan ng wastong kumbinasyon ng pagpapagana ng inisyatiba at mahigpit na gabay sa pulitika, napamunuan nila ang pakikibaka ng sektor.

Kahit sa panahon ng bakasyon, tuluy-tuloy ang pag-oorganisa ng mga myembro ng Partido. Ginagamit nila ang panahong walang pasok para lumubog sa mga komunidad ng maralitang lunsod, magrekrut mula sa kanilang hanay, at magbigay ng mga pag-aaral. Sa karanasan, nabubuo sa mga gawaing ito ang kapasyahan ng mga myembro ng Partido na kumilos sa labas ng sektor.

Ang mga bagong kasapi ay agad na binibigyan ng tiyak at kongkretong gawain sa organisasyon. Dahil dito, mabilis na nakapagpapalitaw ng mga kadre para mamuno sa binubuong baseng masa sa antas-pamantasan.

Sa loob ng maiksing panahon, naitayo ang mga bag-as ng Partido sa iba't ibang kolehiyo. Kasabay ng paglawak ng Partido, dumami rin ang mga myembro na buong panahon nang kumikilos para balikatin ang lumalaking mga responsibilidad sa pamumuno at pagpapagana ng organisasyon sa antas-unibersidad.



**Kilusang pag-aaral**

Kasabay ng pamumuno sa pulitika at pagpapalawak ng organisasyon, hinarap ng mga rebolusyunaryong pwersa sa loob ng Regata ang rebolusyonaryong tungkuling palalimin ang pag-aaral sa hanay ng mga kabataan. Tinuntungan nila ang maiinit na isyu sa loob at labas ng pamantasan para malawakang magbigay ng mga pag-aaral sa anyo ng mga *discussion group* at *study circle*. Para palalimin ang kanilang paggagap sa teorya at praktika ng rebolusyon, partikular sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, maagap silang naglunsad ng pormal na mga pag-aaral. Tinitiyak nilang nakapagtatapos ang mga myembro ng Partido sa batayang kurso at regular na natatalakay ang mga dokumento ng Partido. Sinisikap nilang agad na nasusundan ito ng pag-aaral ng intermedyang kurso.

Ang pagpapasigla ng kilusang pag-aaral sa loob ng Regata ang naging pinakaepektibong pamamaraan ng konsolidasyon ng mga kasapi at nagpataas ng komitment ng mga kadre ng Partido. Marami sa myrmbro nito ang nakukumbinsing buong-panahong kumilos matapos ang ganitong mga pagpapalalim sa teorya at praktika.

Partikular kay Ka Mina, sa mga pag-aaral na ito nabuod ang kanyang kapasyahang bumisita sa isang larangang gerilya at kalaunan ay sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Malinaw para sa kanya at sa lahat ng kabataang rebolusyonaryo na ang papel ng kabataan ay pagpapalakas ng kilusang rebolusyonaryo sa lunsod para sa lalong pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Bunga ng wastong salimbayan ng pamumuno sa pulitika upang lalong magpalawak at ang pagharap sa tungkulin ng pagpapataas ng kamulatang pampulitika ng kasapian at ng mga estudyante sa pangkalahatan, naigpawan ng Partido sa Regata ang mga natasang kahinaang sumagka sa tuluy-tuloy na pagsulong nito sa nakaraan. Isinantabi nito ang mga hindi kinakailangang rekisito sa rekrutment at binuo sa lahat ng mga konsentrasyon ng kabataan ang mga balangay ng Kabataang Makabayan.

Ang mga aral mula sa karanasan ng pagpapanday ng Partido sa Regata ay tangan-tangan ng buong sektor ng kabataan sa pagdiriwang ng ika-50 taong anibersaryo ng PKP. Batid ng sektor ang hamon sa kanilang mga kabataan na tumungo sa kanayunan at mag-ambag sa pagsulong ng armadong rebolusyon. AB

# Imelda Marcos, hinatulan pero nananatiling malaya

HINATULAN NG SANDIGANBAYAN si Imelda Marcos, asawa ng dating diktador na si Ferdinand Marcos, na nagkasala sa pitong kaso ng anomalya at korapsyon noong Nobyembre 9. Sa kabila nito, hindi siya inaresto at sa halip ay pinayagang magpyansa sa halagang P150,000.

Ang desisyon ng Sandiganbayan ay hatol sa sampung isinampang kaso noon pang Disyembre 1991 laban sa mga Marcos. Ang mga kasong ito ay augnay ng pagtatago ng yaman ng mag-asawang Marcos sa kanilang mga pribadong account sa mga bangko sa Switzerland at paggamit ni Imelda ng kanyang pwesto sa gubyerno para sa kanyang sariling kapakinabangan.

Alinsunod sa desisyon, makukulong si Marcos nang anim at isang buwan hanggang labing-isang taon para sa bawat kaso o 42 taon at pitong buwan hanggang 77 taon sa kabuuan. Pinagbawalan din siyang tumakbo bilang pampublikong upisyal.

Ikinalugod ng Partido ang hatol laban kay Marcos pero sinabing "huling-huli" na ito. Tinutugunan nito ang matagal nang hiyaw ng mamamayang Pilipino para parusahan ang mga Marcos sa kanilang mga kasalanan sa bayan. Gayunpaman, 30 taong pinatulog ang kaso sa hukuman, panahong nakaiwas si Imelda Marcos sa kaparusahan. Sa edad na 89, ilang taon na lamang ang natitira para pagsilbihan niya ang sentensya, sakaling ikukulong nga siya.

Sa nagdaang mga taon, bigo ang sunud-sunod na reaksyunaryong rehimen na tugunan ang hinihinging mabilis na katarungan ng sambayanang Pilipino. Pinahintulutan nilang lahat ang antas-antas na pagbabalik ng mga Marcos.

Agad ding kinundena ng mga progresibong organisasyon at organisasyon ng mga biktima ng diktadura ang kawalang-interes ng rehimeng Duterte na ikulong si Marcos. Bitbit ang panawagang "Imelda, Iselda" magkakasunod na protesta ang kanilang inilunsad. Nagrali ang Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law noong Nobyembre 12 sa harap ng Sandiganbayan.



Nagprotesta naman ang mga biktima ng batas militar mula sa Hilagang Luzon noong Nobyembre 14. Naglunsad ng katulad na mga pagkilos sa UP Diliman, University of Sto. Tomas, Far Eastern University at De La Salle University sa araw na iyon.

Bago nito, isang *bonfire* ang ginawa ng komunidad ng UP Diliman noong Nobyembre 9 para ipagdiwang ang hatol. AB

# Internasyunal na Araw ng mga Estudyante, ginunita

SA OKASYON NG ika-79 na International Students' Day (ISD), inilunsad ng iba't ibang grupong kabataan ang National Students' Rights Summit 2018 sa upisina ng Commission on Human Rights sa Quezon City noong Nobyembre 17. Dumalo ang higit dalawandaang lider-estudyante mula sa 55 unibersidad at paaralan sa buong bansa. Pinangunahan ng Rise for Education, Kabataan Partylist at Youth Act Now Against Tyranny (YANAT) ang pinakamalaking pagtitipon ng mga estudyante ngayong taon.

Kasabay nito, naglunsad ng iba't ibang pagkilos ang mga kabataan-estudyante. Noong Nobyembre 16, naglunsad ng protesta ang YANAT-Baguio-Benguet sa Baguio City. Sa araw ding iyon, tinutulan ng mga mag-aaral at manggagawa ng Polytechnic University of the Philippines ang kawalan ng badyet para sa pasilidad at ang tangkang pagbabawas ng badyet sa pamantasan sa pangkalahatan.

Gayundin, nagprotesta ang mga mag-aaral ng Bulacan State University para pigilin ang tangkang maniobra ng administrasyon na ipagkait ang libreng edukasyon. Kinagabihan, nanawagan sa isang rali ang Anakbayan-Cebu ng pagbasura sa programang K-12.

Sa University of the Philippines (UP) Manila, kinundena ng mga estudyante sa isang protesta noong Nobyembre 15 ang paglabas-masok ng mga ahente ng pulis at militar sa kampus at ang malisyosong pag-uugnay sa mga aktibista sa armadong kilusan sa isang porum. Sa UP Los Banos, kinundena ng mga estudyante ang sistema ng enrolment ng unibersidad na nagpapahirap sa kanila.

Sa UP Diliman noong Nobyembre 9, nagrali ang mga mag-aaral, kawani, guro, drayber at manininda para ipanawagan ang pagbasura sa Master Development Plan at mga pakanang pribatisasyon at komersyalisasyon ng pamantasan.

Sa kaugnay na balita, kinundena ng mga mag-aaral, guro at kawani ang desisyon ng Korte Suprema nitong Nobyembre na nagdeklarang konstitusyunal ang programang K-12. Kasabay nito, ipinawalambisa na rin ang *temporary restraining order* sa CHED Memorandum No. 20, ang ligal na aksyon laban sa pagtanggal ng Pilipino at Panitikan bilang rekisito at susing asignatura sa kolehiyo. Noong Nobyembre 13, naglunsad ng pagkilos ang mga estudyante at guro ng Kolehiyo ng Arte at Literatura ng UP Diliman laban sa desisyong ito. AB

## Masaker sa Hacienda Luisita, wala pa ring hustisya

GINUNITA NOONG NOBYEMBRE 16 ng mga magsasaka ang ika-14 na taon ng masaker sa Hacienda Luisita. Kasabay nito, kinundena nila ang patuloy na panunupil at pagpapahirap sa kanilang hanay sa buong bansa.

Nagdaos ng isang misang bayan sa Central Azucarera de Tarlac Gate 1 ang mga sakada ng asyenda at mga progresibong organisasyon bago tumungo sa Northern Luzon Command para kundenahin ang pagtatayo ng mga detatsment nito sa asyenda. Bilang pagtatapos, naglunsad sila ng programa sa Tarlac City Downtown Public Market.

Isang gabing pangkultura ang isinagawa sa Plaza Miranda, Angeles City, Pampanga noong Nobyembre 15 bilang pakikiisa.

Sa Metro Manila, naglunsad ng protesta ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa paanan ng Mendiola Bridge sa Maynila. Ipinanawagan nila ang hustisya para sa mga biktima ng Hacienda Luisita Massacre at sa kamakailangang masaker sa Sagay City.

Samantala, nagkaisa ang mga taong simbahan at magsasaka ng Cavite para depensahan ang bungkalan sa Lupang Ramos at Kapdula noong Nobyembre 16. Pinangunahan ito ng Peasant and Church People's Movement of Cavite na naglunsad ng isang misang bayan at *human chain* sa geyt ng Lupang Kapdula, Barangay Sampaloc II,sa Dasmarinas, Cavite.

Ilang taon na ang isinasagawang bungkalan ng mga magsasaka ng Lupang Kapdula at Ramos, at ngayon ay ngunit ngayon ay dinarahas at pinagbabantaan na sila ng mga bayarang maton ng mga bayarang maton ng mga panginoong maylupa.

**Protesta ng mga nakaligtas sa Yolanda.**Tumungo sa sentro ng Tacloban City ang mahigit 5,000 nasalanta at nakaligtas sa bagyong Yolanda noong Nobyembre 8. Sa pangunguna ng People Surge, kinundena nila ang limang taon nang kriminal na pagpapabaya at kawalang-tugon ng gobyerno sa lahat ng biktima.

Panawagan ng grupo na panagutin ang rehimeng Aquino at Duterte sa kabagalan sa pagbibigay ng tulong sa mga biktima ng bagyo. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin ipinapamahagi ang tulong pampinansya sa mga biktima at walang tulong sa sektor ng agrikultura. Gayundin, kinundena nila ang mga tinipid na pabahay para sa mga nasalanta at ang tumitinding militarisasyon sa kanilang mga komunidad.

**Misa ng pag-alala kay Leonard Co.** Idinaos ang isang misang bayan para kina Leonard Co, Sofronio Cortez, at Julius Borromeo—mga tagapagtanggol ng kalikasan noong Nobyembre 15 sa Dita Tree, EDC Arboretom, Institute of Biology, UP Diliman. Ang tatlo ay pinatay sa Kananga, Leyte ng 19th IB ng AFP, walong taon na ang nakakaraan.. Pinangunahan ito ng Advocates of Science and Technology for the People (AGHAM). Ipinagtirik sila ng kandila ng mga nakiisa sa ipinananawagang hustisya.

**Pangatlong pagpapalawig ng batas militar.** Sa pagdiriwang ng Araw ng mga Bata noong Nobyembre 20 sa Sunken Garden, UP Diliman, kinundena ng Save our Schools Network at mga kabataang Lumad ang banta ng Philippine National Police at Armed Forces of the Philippines na itutulak ang ikatlong ekstensyon ng batas militar sa buong Mindanao.

Nakiisa sa protesta ang mga mag-aaral ng University of Santo Tomas at University of the Philippines-Diliman para tutulan ang bantang ito na magdudulot ng mas matinding karahasan sa mga paraang Lumad at sa buong isla. AB

## Kababaihan kontra sa "endo" ng SM

PINANGUNAHAN NG GABRIELA at Kilusan ng Manggagawang Kababaihan ang isang piket sa harapan ng SM Manila noong Nobyembre 16 para kundenahin ang laganap na implementasyon ng "endo" (*end-of-contract*) sa naturang kumpanya.

Isusulong ng grupo ang pagpapa-imbestiga sa pag-iral ng sistemang konsaynment na ipinatutupad ng SM Retail Inc. Sa ganitong sistema, ang mga konsaynor ang sumasagot sa sahod at benepisyo ng mga kontraktwal habang patakaran ng SM ang sinusunod ng mga ito. Samantala, kaparehong protesta rin ang inilunsad ng GABRIELA-Cebu sa SM Cebu.

Kinalampag naman ng mga manggagawa ng SMT Philippines Incorporated ang upisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Nobyembre 13. Dahil ito sa kawalang aksyon ng DOLE sa iligal na *lockout* sa pabrika at *food blockade* na ginagawa ng kumpanya.

Sa Laguna, isang *noise barrage* ang inilunsad ng mga manggawa ng Nexperia Inc. Workers Union-NAFLU-KMU noong Nobyembre 17 para ipabasura ang rekisitong pagpapaliwanag kapag lumiban kahit walang pasok. Ginamit itong pamamaraan noong 2014 para sisantehin ang mga upisyal ng unyon sa pabrika.

Samantala, nagprotesta ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) ang isang pagkilos ng maralita sa Agham Road noong Nobyembre 18 para labanan ang sumisirit na presyo ng bilihin at ipabasura ang batas na TRAIN ng rehimen. Ani grupo, nagmamahal na ang mga bilihin pero nanatiling nakapako ang sahod ng mga manggagawa. Kinundena rin ng grupo ang bantang demolisyon sa mga maralita para bigyang-daan ang konstruksyon ng mga negosyo at malalaking kumpanya.

## Konsultant ng NDFP at 2 iba pa, iligal na inaresto

ILIGAL NA INARESTO ng militar at pulis ang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na si Vicente Ladlad at ang mag-asawang Alberto at Virginia Villamor noong hatinggabi ng Nobyembre 8 sa Doña Tomasa, San Bartolome, Novaliches, Quezon City.

Tinamnan ng mga ripleng AK-47, granada at subersibong dokumento ang bahay ng mga biktima para palitawing mga kombatant ang mga dinakip kahit pa matatanda na sila at mahihina na ang mga pangangatawan. Si Ladlad, 69, ay may sakit sa baga *(emphysema)* at puso. May mga sakit din sina Alberto Villamor (*diabetes*) at Virginia Villamor (may bali sa baywang). Sinampahan ang tatlo ng *illegal posession of firearms and explosives.*

Unang idinetine ang mga biktima sa Camp Karingal sa Quezon City. Inilipat-lipat si Ladlad ng kulungan, bagay na nakapagpalala ng kanyang mga sakit.

Mariing kinundena ng NDFP ang pag-aresto kay Ladlad, isa sa mga pangunahing kasapi ng Reciprocal Working Committee on Political and Constitutional Reforms. Sa pangkabuuan, tatlong konsultant na ng NDFP ang iligal na inaresto ng rehimeng Duterte, na tahasang paglabag sa GRP-NDFP Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees. Pahayag ni Jose Maria Sison, *chief political consultant* ng NDFP, "malinaw na hindi na binibigyang puwang ni Duterte ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan...para isangkalan ang PKP, BHB at NDFP bilang mga "teroristang organisasyon" at magkaroon siya ng dahilan para magtatag ng pasistang diktadura sa pamamagitan ng batas militar at huwad na pederalismo."

Samantala, kinansela noong Nobyembre 19 ang balak na pag-uwi sa Pilipinas nina Fidel Agcaoili, Luis Jalandoni at Coni Ledesma para sana impormal na pag-usapan ang muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan. Ito ay matapos sinabi ni Duterte na aarestuhin sila pagdating nila sa bansa. Napag-alaman din ng mga abugado ng NDFP na may kautusan na ang Manila Trial Court para kina Jalandoni at Ledesma kaugnay ng isinampa ng rehimen na kasong *proscription* na nagdedeklara sa kanila bilang mga "terorista." AB

## Pasistang panggigiipit at pananalakay, umiigting sa Cebu

WALANG-HABAS ANG MGA pasistang atake ng rehimeng US-Duterte laban sa mga progresibong pwersa sa Cebu. Sa loob lamang ng apat na araw, naiulat ang marahas na pagbuwag sa isang kampuhan at pag-aresto sa mga manggagawang nagtayo nito, ang pambabastos sa isang babaeng paraligal, ang pagdemolis sa kabahayan ng mahigit 550 pamilya at ang malisyosong pagpaparatang sa mga kabataan.

**Pambubuwag sa protesta sa Coca-Cola.** Marahas na binuwag ng mga pulis at bayarang maton ang kampuhan ng Alsa Kontraktwal Cebu at Coalition of All Coca-Cola Workers (CACCWO) sa harap ng planta ng Coca-Cola FEMSA sa Mandaue City noong Nobyembre 16, alas-7 ng gabi.

Pagkatapos ng pagbuwag, iligal na inaresto ang mga manggagawang sina Oscar Villarino, ikalawang tagapangulo ng Alsa Kontraktwal-Coca-Cola Chapter, Gerome Villarino at Vincent Juarez. Idinetine sila sa kalapit na Subangdaku Police Station. Itinayo ng mga manggagawa ang kampuhan para igiit na ibalik sa trabaho ang 40 manggagawang tinanggal at labanan ang laganap na kontraktwalisasyon sa kumpanya.

Kinabukasan, binastos ng isang pulis ang isang babaeng paraligal na tumutulong sa kaso ng mga manggagawang dinakip. Pilit siyang pinaalis ng pulis at nang tumanggi, pinagbantaang "gagawing kabit."

**Demolisyon sa Mandaue**. Noong Nobyembre 14 ng umaga, dinemolis ng mga ahente ng estado ang kabahayan ng 550 pamilya sa tabi ng abandonadong Cebu International Convention Center sa Mandaue City para bigyang daan ang pagtatayo ng isang *hotel-casino* sa lugar. Nagtalaga ng pulis sa komunidad para pigilan ang paglaban ng mga residente. Inakusahan pa nila ang mga residente na mga kasapi ng BHB.

Pansamantala lamang na naninirahan sa lugar ang mga mga pamilyang dinemolis ang mga bahay. Pumwesto sila rito matapos masunog ang kanilang mga kabahayan noong Marso 2016 at pigilang makabalik sa kanilang komunidad sa Barangay Guizo at Mantuyong. Noong Abril 17, nagparipa ang lokal na gubyerno sa mga residente para matukoy kung sino na lamang ang makakabalik sa kanilang barangay.

Samantala, walang malinaw na relokasyon para sa kanila hanggang sa kasalukuyan.

**Kabataan, inakusahang "kampon ng CPP."** Nagpakalat noong Nobyembre 17 ng mga polyeto ang AFP na naglalaman ng mga litrato ng mga lider-kabataan at estudyante at malisyosong inakusahang "kampon ng CPP" at "manlilinlang ng kabataan." Kabilang sa mga nasa polyeto ang anim na lider ng lokal na balangay ng Anakbayan, Kabataan Partylist at Youth Act Now Against Tyranny; at tatlong lider-estudyante ng University of the Philippines-Cebu at University of San Carlos.

Binatikos ng Anakbayan Cebu ang panggigipit sa mga lider-estudyante. Isinasagawa ng ng estado ang *Red-tagging* para bigyan-katwiran ang armadong pang-aatake nito sa mga aktibista, tagapagtanggol ng karapatang-tao at iba pang sibilyan. AB

# AFP, naghahasik ng teror at disimpormasyon sa Negros

Matapos ang brutal na masaker sa Sagay, target naman ngayon ng 303rd IBde ng Armed Forces of the Philippines na maghasik ng teror sa mga komunidad ng Escalante City kung saan aktibong kumikilos at nakikibaka ang mga magsasaka para sa karapatan sa lupa.

Sinalakay ng mahigit 100 sundalo at paramilitar ang Sityo Puting Bato at Pangahuyan sa Barangay Washington, at Cogon at Lawes sa Barangay Alimango, Escalante City, Negros Occidental noong Nobyembre 16, dakong alas-4 ng madaling araw. Partikular nilang tinarget ang bahay ni Elena Yap, myembro ng PAMALAKAYA at Gabriela Negros.

Nagtayo naman ng mga tsekpoynt sa Puting Bato at Tubigon para limitahan ang galaw at pigilan ang paglabas-masok ng mga residente sa mga komunidad. Hinarang sa tsekpoynt ang mga taong simbahan at mga grupong nais magbigay ng tulong sa mga residente. Pati ang mga kasapi ng midya ay pinagbawalang pumasok at mag-ulat tungkol sa okupasyong militar.

Nagpalaganap ng samutsaring gawa-gawang kwento ang mga sundalo para palitawing lehitimo ang kanilang operasyon. May namataan umano silang mga elemento ng Abu Sayaff sa Puting Bato. Ipinagkalat din nilang nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng BHB at AFP sa lugar, isang insidenteng agad na pinabulaanan ng BHB-North Negros. Pinakanakaiinsulto ang kwentong nagtatago diumano sa lugar ang mga salarin ng masaker sa Sagay. Mariin itong pinasinungalingan ng mga residente. Anila, walang kinakanlong ang komunidad kundi ang mga pamilya ng mga biktima ng masaker.

Kaugnay nito, tuluy-tuloy pa rin ang panggigipit sa tumutulong sa mga biktima ng Sagay masaker. Noong Nobyembre 9, nakatanggap si Clarizza Dagatan, pangkalahatang kalihim ng KARAPATAN-Negros, ng banta na siya ang susunod na papatayin. Pinagbantaan rin sina Roque Rillo ng National Federation of Sugar Workers, Noli Rosales ng Kilusang Mayo Uno at Christian Tuayon ng Bagong Alyansang Makabayan-Negros. AB

## Paaralang Lumad sa Talaingod, muling ginigipit

NAGPAPATULOY ANG PANGGIGIPIT ng 56th IB at ng paramilitar na gupong Alamara sa kampus ng Salugpongan Ta' Tanu Igkanugon Community Learning Center, Inc. (STTICLCI) sa Sityo Nasilaban, Barangay Palma Gil, Talaingod. Noong Nobyembre 11, napwersang magbakwit ang 35 estudyante at tatlong guro sa Sityo Dulyan matapos magbanta ang apat na elemento ng Alamara na may bitbit na mga martilyo na wawasakin ang paaralan. Kasabay nito, sapilitan namang pinapirma ng mga sundalo mula sa 56th IB ang mga datu ng Talaingod sa isang petisyon para sa pagpapasara ng kampus. Noong Nobyembre 13, tinipon at sapilitan nilang pinalahok ang mga residenteng Lumad sa isang "protesta" laban sa Salugpongan.

Sa kaugnay na balita, isang kasapi ng MISFI Academy Parents-Teachers-Community Association ang pinatay ng pinaghihinalaang mga elemento ng 19th IB at CAFGU sa Kitaotao, Bukidnon noong gabi ng Nobyembre 17. Kinilala ang biktima na si Esteban Empong Sr., 49, residente ng Barangay Cabalantian, Arakan, North Cotabato. Binaril si Empong habang natutulog sa bahay ng kanyang kamag-anak sa Barangay Sagundanon. Bago nito, naiulat na una nang nakatanggap ng banta ang biktima mula sa 19th IB na sapilitang nagpapasurender at nag-akusa sa kanya bilang kasapi ng hukbong bayan.

## Sibilyang pasilidad sa CamSur, kinampuhan

WALANG TIGIL ANG mga operasyong militar ng mga elemento ng 902nd IBde, 9th IB, at 92nd Civil Military Company sa mga barangay ng Villasocoro, Tanag, Calabnigan, Malinao at Odoc sa Libmanan, Camarines Sur. Nagpapalaganap ang mga sundalo ng saywar para takutin ang mga residente sa naturang mga barangay.


Dito, kinakampuhan ng mga sundalo ang paaralan, *barangay hall* at simbahan. Isinailalim nila sa paniniktik, pananakot at interogasyon ang mga residente. Sapilitan nilang pinasurender ang mga inaakusahang mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan para umano "linisin" ang kanilang pangalan. Hinala ng mga residente, ang mga sundalo mismo ang nagpasabog ng bomba sa kapilya ng Barangay Tanag noong Oktubre 21.

## Welgista sa SUMIFRU, tinangkang patayin

DALAWANG BESES NA binaril ng hindi nakilalang mga lalaki si Jerry Alicante dakong 8:20 ng gabi sa tapat ng kanyang bahay sa Purok 10, Osmena, Compostela noong Nobyembre 11. Nagtamo ang biktima ng dalawang sugat sa kanang braso. Si Alicante, manggagawa sa plantasyon ng Sumitomo Fruit Corp., ay aktibong kasapi ng Nagkahiusang Mamumuo sa Suyapa Farms (NAMASUFA) na naglunsad ng welga noong Oktubre 1. Kabilang siya sa mga naggigiit na gawing regular ang mga manggagawa at kilalanin ang kanilang unyon sa kolektibong pakikipagtawaran.

Kinundena ng NAMASUFA ang tumitinding mga atake sa kanilang hanay sa kanilang protesta noong Nobyembre 16 sa labas ng Davao Convention Center habang idinaraos sa loob nito ang National Banana Congress.

# May kinikilingan ang malalaking kumpanya ng midya




Noong Oktubre, muling idineklara ng Committee to Protect Journalists, isang internasyunal na organisasyon, ang Pilipinas bilang pangatlo sa pinakamadugong bansa para sa mga mamamahayag. Mula pa 2010, pangatlo ang bansa sa naturang listahan. Malaking bilang sa mga biktima ay mga myembro ng mga rehiyunal o prubinsyal na masmidya na pinaslang dulot ng kanilang pagbabalita ng katiwalian at iba pang anomalya ng mga nakaupo sa poder.

Sa isang banda, pinatutunayan nito ang tapang at paninindigan ng mga lokal at independyenteng midya na gampanan ang kanilang tungkulin na magbigay ng wastong impormasyon sa publiko. Sa kabilang banda, hindi nito sinasalamin ang katangian ng dominanteng midya sa Pilipinas na kontrolado ng pinakamalalaking burgesya-kumprador at sinusuhayan ng mga kasapakat sa pulitika.

Sa aktwal, ang pinakamalalaking institusyon sa midya sa bansa ay hawak ng iilang pamilya at pinakamalalaking upisyal sa gubyerno sa matagal nang panahon. Mayorya sa mga ito ay nilikha at pinatatakbo upang panatilihin ang kontrol ng malalaking kumprador sa iba pa nilang negosyo, pakikipagkumpetisyon, pagkakamal ng higit pang tubo at pagtataguyod ng kanilang interes sa pulitika at ekonomya. Ang ganitong katangian at sistema ng midya ay tinatawag na *corporate media.*

Sa Pilipinas, ilan sa kilalang mga pangalan na may kontrol sa midya ang pamilyang Lopez at Gozon at ang kumpanyang pinamumunuan ni Manuel Pangilinan.

Ang mga Lopez ay may-ari ng ABS-CBN na may mga subsidyaryo sa radyo, telebisyon at pelikula. Bukod dito, may-ari rin sila ng mga kumpanya na lumilikha at nagbebenta ng kuryente, *real estate* at telekomunikasyon. May mga sapi rin ang mga Lopez sa pagmamanupaktura, remitans at iba pang negosyo na may kaugnayan sa midya.

Ang mga Gozon at Jimenez naman na may kontrol ng GMA 7 (kapwa sa radyo at telebisyon) ay may interes sa mga institusyong pampinansya at *real estate*. Pumasok na rin sa negosyo ng midya si Ramon Ang, may-ari ng San Miguel Corporation. Noong 2017, binili niya ang *Philippine Daily Inquirer*, isa sa mayor na pahayagan sa bansa.

Bagamat mas maliit ang hawak niyang TV5/Interaksyon (telebisyon at pahayagan) kumpara sa GMA at ABS-CBN, malaki naman ang impluwensya ng kumprador na si Pangilinan sa iba pang grupong midya at telekomunikasyon. Gamit ang pondo at pakikipagsosyo sa grupo ng mga kumpanya ng negosyanteng Indonesian na si Anthoni Salim, nakabili siya ng sapi sa dalawang nangungunang pahayagan sa bansa, ang *Philippine Star* at *Philippine Daily Inquirer*. Mayroon ding malawak na kontrol ang grupong Pangilinan-Salim sa telekomunikasyon (Smart, Sun at PLDT) at maging sa pinakamalaking negosyo sa batayang serbisyo gaya ng Meralco at Maynilad. Pinatatakbo rin ng grupo ang operasyon ng Manila North Tollway at Cavitex, ilan sa pangunahing haywey sa Luzon.

Malaking salik kung sino ang may kontrol ng kumpanya sa kalidad at kredibilidad ng pagbabalita at pagbabahagi nito ng impormasyon. Malawak at malalim ang impluwensya nito sa laman, tipo ng kwento, isyu at balitang pinatatampok sa kanilang mga daluyan (telebisyon, radyo o dyaryo). Tinitiyak ng mga nagbabalita at may-ari nito na hindi nasasaling o nakokompromiso ang kanilang mga interes, ang interes ng kanilang mga kasosyo at mga kumpanyang bumibili ng puwang para sa kanilang mga patalastas. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 13.)*

Para iwasan ito, ibinabaling ng mga kumpanya sa midya ang kanilang pagbabalita ng mga komun na krimen na kadalasan ay ginagawang kahindik-hindik o kagulat-gulat para makaagaw ang atensyon ng publiko. Sa ilalim ng ganitong pamamalakad, tali ang kamay ng mga mamamahayag at obligado silang sumunod sa patakaran na nagtataguyod sa interes ng mga may-aring burgesya-kumprador at kaalyado nilang mga pulitiko.

Laganap ang kontraktwalisasyon at kawalang seguridad sa trabaho sa hanay ng mga manggagawa sa midya. Marami sa kanila ay basta na lamang sinisisante o hindi na binibigyan ng kontrata oras na igiit nila ang kanilang paninindigan at mga karapatan. AB

# Kapitalistang midya na kontra manggagawa

LANTAD ANG PAMAMAYANI ng kapitalistang interes ng malalaking kumpanya sa midya sa pagtrato ng mga ito sa kanilang mga empleyado at sa pagbabalita tungkol sa mga laban ng mga manggagawang Pilipino.

Matingkad na halimbawa nito ang sunud-sunod na mga protesta ng mga manggagawa ng PLDT nang tanggalin ng maneydsment nito ang 8,000 kontraktwal na manggagawa noong Hulyo. Ito ay sa kabila nang kautusan ng DOLE at ng Korte Suprema na iregularisa ang naturang mga empleyado. Ito ang pinakamalaking tanggalan ngayong taon.

Sa kabila ng mga protesta at pagtampok na kampanya ng mga empleyado at kanilang mga tagasuporta sa *social media*, kapansin-pansin na hindi ito ibinalita ng TV5 na kontrolado ng grupong Pangilinan-Salim. Pahapyaw din lamang itong ibinalita ng ABS-CBN at GMA 7, kung saan laganap din ang ang kontraktwalisasyon.

Bagamat tinalakay sa ilang dyaryo at internet ang tanggalan at ang #SavePLDTContractuals, wala o malabnaw ang pagtalakay sa sistematikong pagpapatupad ng kontraktwalisasyon ng malalaking kumpanya, kabilang sa midya, upang baratin ang mga manggagawa at ipagkait sa kanila ang kanilang mga karapatan. Hindi naisakonteksto ang kalagayan ng mga manggagawa ng PLDT sa balangkas ng laganap na kontraktwalisasyon ng paggawa at kawalan ng seguridad sa trabaho. Hindi rin ibinabalita sa mga ito ang pagmamaniobra ng malalaking kumpanya para takasan ang kanilang ligal na mga obligasyon gamit ang mga reaksyunaryong batas.

Kasabay ng isyu ng PLDT ang pagputok ng iba pang laban ng mga manggagawa tulad ng Jollibee, Nutriasia at Middleby na pahapyaw lamang na ibinalita.

Sa kaso ng marahas na pambubuwag sa nagpuprotestang mga manggagawa ng NutriAsia noong Hulyo 31, ginamit pa ng ABS-CBN ang bidyo na kuha ng isang independyenteng grupo para siraan ang mga manggagawa. Napilitan lamang itong ibalita ang totoo matapos maglabas ng dagdag na mga bidyo ang mga alternatibong grupo na nagpatunay na inatake ng mga pulis ang mga nagpuprotesta nang walang "panunulsol" mula sa mga raliyista. Paulit-ulit na binalewala ng mlalaking midya ang mga pahayag ng mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta kaugnay ng pambubuwag at kanilang protesta.

Sa kaso pa rin ng NutriAsia, hindi lamang mga kumpanya ng telebisyon, kundi pati ang mga "walang kinatatakutan" na mga pahayagan, ang nagpalaganap ng kasinungalingan kaugnay ng isang "welgista" na diumano'y may dalang baril sa piketlayn. Malao'y inamin ng naturang "welgista" na ginamit lamang siya ng mga pulis. AB

## Maguindanao Massacre, ginunita

NAGTIPON ANG MGA kamag-anak, manunulat at manggagawa sa midya noong Nobyembre 18 sa Sityo Masalay, Ampatuan, Maguindanao para gunitain ang ika-9 na anibersaryo ng Maguindanao Massacre.

Nagdaos ng isang misa ang mga kaanak sa pinangyarihan ng krimen upang gunitain ang pagpaslang sa kanilang mga mahal sa buhay. Ipinanawagan nila na hatulan na ang magkakapatid na Ampatuan sa brutal na pagpaslang sa 58 tao kung saan 32 ay mga manggagawa sa midya.

Sa kaugnay na balita, nanindigan ang mga manunulat sa ilalim ng National Union of the Journalists of the Philippines laban sa lantarang panggigipit ng PNP sa kanilang hanay. Inilunsad nila ang kampanyang 'Sign against the Sign' noong Nobyembre 9 para labanan ang paggamit ng pulis sa mga mamamahayag bilang saksi sa mga operasyong kontra droga.

Anila, ang pagpirma dito ay katumbas ng kanilang pagkiling sa inilulunsad na gera kontra droga ng pulis. Dapat manatiling nakakiling sa katotohanan ang mga mamamahayag, dagdag pa nila.

## Protesta laban sa pagtaas ng presyo ng langis, inilunsad sa France

HINDI BABABA SA 283,000 mamamayan ng France ang lumahok sa mahigit 2,000 koordinadong kilos-protesta noong Nobyembre 17 laban sa mga kontra-mamamayang patakarang ipinatupad ng presidente nilang si Emmanuel Macron.

Kabilang sa labis na ikinagagalit ng mga nagprotesta ang pagpapataw ng dagdag na buwis sa mga produktong petrolyo na nagtulak sa tuluy-tuloy na pagtaas ng mga presyo nito. Dumagundong ang sigaw na “Macron resign!” ng mga nagprotesta.

Marahas na sinupil ng mga pulis ang protesta gamit ang mga tear gas. Mahigit 220 ang nasaktan at 100 ang inaresto ng mga pulis.

Tinawag ang pagkilos na “yellow vests movement” na tumutukoy sa isinusuot ng mga nagprotesta na dilaw na tsaleko na karaniwang sinusuot ng mga drayber sa bansa kapag biglaang nagkakaproblema ang kanilang sasakyan.

Sinarhan ang mga pangunahing kalsada ng iba't ibang syudad, kabilang ang Paris, kabisera ng France, bilang pagpapahayag ng kanilang pagtutol.

Ayon sa mga nagprotesta, sinisimbolo ng kanilang pagharang sa mga mayorna daan ang pagkakahiwalay ng rehimeng Macron sa mamamayan dulot ng pagbabalewala nito sa kanilang araw-araw na paghihirap.